http://thepoc.net/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/7359-libay-linsangan-cantor.html Go
3 captures
13 Jun 2010 – 19 Aug 2010
MAY JUN AUG
13
2009 2010 2011
About this capture



# Ang walang katapusang coming out sa interweb

Thursday, 03 June 2010 11:48 AM | Libay Linsangan Cantor

Share this | Export PDF | Print | E-mail

.

Sa panahon ng Friendster, Multiply, Myspace at ngayon ay Facebook at Twitter, tuloy-tuloy lang ang coming out process ng mga lesbian, gay, bisexual at transgender (LGBT) sa lipunan – pag-come out sa sarili unang-una, sa mga kaibigan at kakilala, at sa mga kapamilya o kamag-anak. Ganoon na kadali ngayon—salamat sa makabagong teknolohiya ng tinatawag na social networking sites—ang idekara kung sino ka. Sa bawa't pagbubukas mo ng isang account sa mga sites na ito, patuloy ka sa pag-come out tuwing ilalagay mo sa profile status mo na ikaw ay isang lesbiyana, bakla, transgender, transpinay, queer o bisexual. Hindi na sapat ang "male" o "female" na kategorya na lamang, pati sexual orientation o gender identity mo ay maaari mo nang ihayag ng buong tapang at pagmamalaki… kung nais mo lang naman.

Pero may saysay ba o implikasyon ang paghahayag ng iyong seksuwalidad nang ganito kadali? Meron naman, pero depende sa pananaw mo sa coming out process at sa attitude mo sa mga social networking sites na ito. Naisip ko ito bigla noong isang araw.

LGBTs make their presence felt online.

Isang umagang papunta ako sa isang meeting, naisipan kong dumaan sa Starbucks malapit sa tirahan ko at bumili ng kapeng pampagising, take out. Nang tawagin ng barista ang pangalan at order ko ("Venti iced café mocha for Libay!"), napahinto siya at napatingin sa akin.

"Libay…"

"Yes, that's me," tugon ko, sabay abot ng resibong hinihingi nilang tignan bago mo kunin ang overpriced coffee order mo.

"Um, kayo po ba si Miss Libay na… na LGBT advocate?"

Nabigla ako sa sinabi niya. Paano niya nalaman ang aspetong iyon ng buhay ko? Di ba ang tsaa at mga dahon nito ang binabasa ng mga psychic, hindi kape, biro ko sa isip ko. Saka ko pa lamang siya natitigan nang husto; medyo may pagka- soft butch ang dating ng porma niya, na sa likod ng sumbrero at apron na green ng tindahan nila, hindi ko naaaninag nang husto ang kasarian nila minsan. Sa timbre ng boses, maaari siyang isang lalaki o babae – androgynous kung tawagin. Pero nang titigan ko nga, babae, soft butch. Malamang, lesbiyana rin tulad ko, o kung anuman ang depinisyong ginagamit niya na pumapatukoy sa isang babaeng nakikipagrelasyon sa kapwa babae rin. At mas bata siya siguro ng isang dekada, bilang may "miss" sa pagbanggit niya sa pangalan ko.

"Oo, ako nga iyon…"

"Kayo po iyong writer?"

PINOY LGBT VIDEOS
Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer

Opinions
Features
News

PINOY LGBT RSS
Of Proms Kings and Queen, Stoles and a Little Bit of Pride on the Side...
Justice Dept. Memo: Prosecute Same-Sex Domestic Violence Cases - EDGE Boston
Suburban Anti-Gay Group Launches "Truth Academy" - Chicagoist
DVtv: DPD Chief David Brown at Sue Ellens - Dallas Voice
SAM SAYS|When looking for a gay-friendly resort, the choices are endless - Kawartha Media Group
Madison's gay community has found structure and support through sports - Wisconsin State Journal
UCSD hospital hosts celebration in Hillcrest - Gay and Lesbian Times
Cheryl's Stone celebrates 10 years - Gay and Lesbian Times

"Oo, ako rin iyon."

"Na nagtuturo sa UP."

"Hmm, tama... Um, pahingi ng tatlong sachet ng Equal please."

"Saka 'yung nagsusulat din sa GMA-7."

Tumango ako at ngumiti, pero medyo nabahala na ako sa sinasabi niyang datos ng pagkatao ko, pero bigla rin naman akong kumabig. Saan kaya niya puwedeng mabasa ang mga impormasyong iyon tungkol sa akin? Ang awtomatiko kong naisip ay "*Wala naman siya sa Facebook ko.*" Pero mali pala ang napili kong social networking site na naisip.

"Nasa DL niyo po ako! Saka nababasa ko ang blogs niyo sa Multiply. Ka-Friendster din niyo 'ko."

Napatingala ako saglit nang sabihin niya ang DL. Ano nga ba iyon? Dahil sa tagal ko nang di ginagamit o pinapasok o tsine-check ang account ko doon, nalimutan ko na ang short cut na tawag nila doon. DL – Downelink, o downelink.com, kumbaga ang Friendster ng mga LGBT na tulad ko, tulad namin. Mga 2004 pa yata ako may account sa DL; nagbukas ako ng account doon dahil sa atraksiyon nito bilang alternatibong social networking site para sa mga LGBT, di tulad ng Friendster na halu-halo ang nandoon.

Oo nga pala, nalimutan ko ang DL. "Ah, ganun ba? Okay, a."

At saka pa kami nag-chikahan ng saglit, habang nilalagyan ko ng artipisyal na asukal ang kape ko. At saka rin siya nag-out sa akin bilang isang LGBT advocate din daw, na dating nagtanong sa akin kung saan may "nagkakasal" ng mga lesbiyana, at kung anu-ano pa. Nang matapos akong magtimpla, nagpasalamat kami sa isa't isa at nakangiting naghiwalay.

Ganun. Ganun na lang kadali mag-out sa isa't isa. Dahil nga sa account ko sa mga social networking site na ito, naisasapubliko ko ang bahaging iyon ng buhay ko. Madaling mabasa kung ano ang estado ng relasyon ko ("in a relationship") at sexual orientation ko ("lesbian") kahanay ng mga paborito kong libro, musika, pelikula at mga kumpanyang kasapi ako sa kasalukuyan. At dahil parte ng buhay ko ang pagiging lesbiyana—tulad ng pagiging writer at guro—ay nilalagay ko rin ang impormasyong iyon, para malinaw na.

Pero bakit nga ba kailangang sabihin? Bakit ba kelangang ideklara kung ano ka sa mga espasyong ito? Simple lang – para makakita o makakilala ka rin ng mga katulad mo. Lalo na't ikaw ay isang LGBT, mahirap makakita ng mga katulad mo noong unang panahon, o noong panahong hindi pa laganap ang social networking sites na nabanggit. Pero nakakaaliw isipin na ang "unang panahon" na binabanggit ko ay 2003 lang, kung kailan nagsimula ang Friendster. Bago ito, kailangan ka talagang lumabas at dumalo ng mga party, o kaya'y makipagkilala sa mga kaibigan ng kaibigan ng kaibigan mo na LGBT rin. Ganyan ang low-tech version ng social networking sites noon, na pinadali na lang ngayon ng internet.

Kung may kabutihang naidulot ang pag-come out sa social networking sites, ito ay ang pagpapadali ng proseso ng pakikipagkaibigan ng mga LGBT sa kapwa LGBT rin. Tunay na naging mabilis ang prosesong ito dahil sa isang iglap, maaari mo nang makilala at makilatis ang isang tao base sa nilalagay niyang impormasyon at litrato sa kanyang account. Dito rin nalalaman ng bawa't isa kung ano ang pananaw ng mga LGBT sa pagiging LGBT. Ang mahalagang naidudulot nito ay ang pagkatanggal ng unang kalungkutang kadalasa'y nararanasan ng isang LGBT, ang pag-iisip na siya lamang ang nag-iisang bakla, lesbiyana, bisexual o transgender sa mundo. Hindi biro ang pakiramdam na ito, dahil marami-rami na ring LGBT ang nagtatangkang magpakamatay dahil sa ganitong pakiramdam. Salamat sa internet, napapalawak nang husto ang network niya, at nawawala ang unang kaba at pagdududa sa sarili na baka mali, makasalanan o baluktot ang debelopment ng kanyang seksuwalidad, na kadalasan niyang naririnig na sinesermon sa simbahan, sa eskuwelahan o ng mga magulang niya.

Kaya't hanggang nariyan ang mga social networking sites na luma at bago, at hanggang makagawa pa sila ng mas bago pa, sa tingin ko'y mas nakakabuti ito para sa LGBT community, at sa patuloy at di natatapos na proseso ng coming out.

*Photo by Libay Linsangan Cantor, c/o www.leaflens.blogspot.com. Some Rights Reserved.*

---

*Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children's TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com .*

---

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

## Related articles :

- Faceless photos
- Ricky Martin comes out of the closet

## Comments

Add New

**Disclaimer:** Comments posted here reflect our readers' views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

**Kindle Rekindle :o)** 04 June 10, 02:10 AM

0 0

Time flies so quickly. Wasn't it just yesterday that we got throngs of teenagers calling us because they saw a sticker posted in the women's bathrooms in UP? I remember talking to so many young lesbians who felt so isolated then, even in the beginning years of the internet with gay.com, internet access was expensive and you could only get so far with dial-up. Sana as networking venues progress, di naman maiwanan ang healthy discussion of lesbian identity and politcs. Or chikahan na lang ba ngayon? Miss you bayli, come "home" soon :p

Reply

**Libay Linsangan Cantor** 05 June 10, 03:32 PM

0 0

Tama ka diyan, superfriend Rekindle. Pero nakakalungkot ngang isiping medyo nalalaglag minsan sa path ng information superhighway na ito ang mga bagay tulad ng identity politics. Sana balikan nila at i-hitchhike kasama sa patutunguan nila sa cyberspace and beyoooond! :) Will come "home" again sooooon! :P

Reply

**Write comment**

Name:

Email:

nu6h6

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.



Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines